# 19 REBYU KONTRA COVID-19

**Kalipunan ng mga Panunuring-aklat sa Agham Panlipunan, Teolohiya at Panitikan**

**Mark Joseph P. Santos**

Bagong Kasaysayan
Lunsod Quezon
2021

# Panimula

> Books are the carriers of civilization. Without books, history is silent, literature dumb, science crippled, thought and speculation at a standstill. Without books, the development of civilization would have been impossible. They are engines of change (as the poet said), windows on the world and lighthouses erected in the sea of time. They are companions, teachers, magicians, bankers of the treasures of the mind. Books are humanity in print.[1]
>
> -Barbara Tuchman

Sa gitna ng isang malawakang pandemya na kumitil at patuloy na kumikitil ng buhay ng napakaraming tao sa iba't ibang lupalop ng daigdig, hindi malabong maisip ng ilan na kawalang-saysay, kung hindi man pag-aaksaya ng panahon, ang paglilimbag ng isang akda na nagsusulong sa kahalagahan ng pagbabasa ng mga aklat at pagkatuto. Hindi ba't marami pang ibang paksa na 'di-hamak na mas napapanahon at mas dapat pagtuunan ng pansin sa gitna ng isang pandaigdigang krisis?

Kahawig din nito ang isyung kinaharap ni C.S. Lewis noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Makabuluhan pa ba ang pag-aaral at pagkatuto sa gitna ng isang digmaang kahit kailan ay maaaring kumitil sa buhay nila at ng kanilang mga minamahal? Sa isang panayam sa Oxford noong 1939 ay ganito ang naging tugon ni Lewis sa katanungang ito:

> If men had postponed the search for knowledge and beauty until they were secure the search would never have begun. We are mistaken when we compare war with "normal life". Life has never been normal. Even those periods which we think most tranquil, like the nineteenth century, turn out, on closer inspection, to be full of cries, alarms, difficulties, emergencies. Plausible reasons have never been lacking for putting off all merely cultural activities until some imminent danger has been averted or some crying injustice put right. But humanity long ago chose to neglect

[1] Barbara W. Tuchman, "The Book," *Bulletin of the American Academy of Arts and Sciences*, Vol. 34, No. 2 (November 1980), 16.

those plausible reasons. They wanted knowledge and beauty now, and would not wait for the suitable moment that never come.[2]

Samakatuwid, hindi maaaring huminto ang pagkatuto. Sa buong agos ng kasaysayan ng sangkatauhan ay nasanay na tayong pagsabayin ang pagkatuto at pagdadalamhati. Naging posible lamang ang pag-unlad ng kabihasnan ng sangkatauhan dahil sa kahandaan nating matuto sa gitna ng kaliwa't kanang mga sakuna.

Hindi ito pagtakas mula sa reyalidad sa pamamagitan ng paglilibang, paglalaro habang nasa gitna ng nasusunog na Roma gaya ni Nero. Kung tutuusin, ang patuloy pa ngang pagkatuto sa gitna ng mga pighati ang nagpapanatili ng ating katinuan at ulirat. Totoo rin ito sa kaso ng kontemporaryong Pilipinas na humaharap ngayon sa krisis ng pandemya. Ang patuloy na pagkatuto ang nagbibigay ng pagkakataon sa atin bilang isang bayan na pagmuni-munihan ang ating kalagayan.

Sa katunayan, sa agos ng kasaysayan, ang krisis pa nga ang nagtutulak sa mga tao tungo sa patuloy na pagkatuto. Ilustratibo rito ang punto ng sikoanalistang si Norman Brown ukol sa kaugnayan ng kamatayan at kasaysayan. Ayon kay Brown, ang pangunahing ipinagkaiba nating mga tao sa mga hayop ay ang katotohanang tayong mga tao lamang ang may kamalayan sa kamatayan. Tayo lamang ang may kamalayan na mamamatay tayo kalaunan, at dahil dito ay tayo lamang din ang nagsisikap na makatakas sa kamatayan. Yamang alam nating mga tao na hindi natin matatakasan ang biolohikal na kamatayan, ginagamit nating instrumento ang kasaysayan tungo sa imortalidad ng ating alaala.[3] Bawat sibilisasyon ay nagtatayo ng mga gusali't monumento, at bumubuo ng mga tradisyon at pilosopiya, na maipapamana sa susunod na mga salinlahi. Lahat ng ito ay bahagi ng pagbuo ng kasaysayan, paraan upang ang kasalukuyan na kalauna'y magiging nakaraan ay 'di mabura sa alaala ng hinaharap. Sa ganang ito, ang kasaysayan ay nagiging kasangkapan kontra sa kamatayan.

---

[2] C.S. Lewis, "Learning in War-Time", isang panayam na kanyang ibinahagi sa Church of St. Mary the Virgin, Oxford noong taglagas ng 1939. Matatagpuan ang kopya ng panayam na ito sa https://bradleyggreen.com/attachments/Lewis.Learning%20in%20War-Time.pdf, inakses noong Disyembre 29, 2020.

[3] Norman O. Brown, *Life Against Death: The Psychoanalytical Meaning of History* (Middletown, Connecticut: Wesleyan University Press, 1970), 100-101.

Ang pag-iral ng kaliwa't kanang sakuna at kamatayan ang nagbibigay ng motibasyon sa bawat sibilisasyon na gumawa ng kasaysayan. Hindi naiiba rito ang kasalukuyan nating kalagayan sa harap ng isang malawakang pandemya. Sa sentidong ito natin mauunawaan na ang patuloy na pagkatuto at produksyon ng kaalaman sa panahon ng pandemya ay hindi pagliliwaliw, kundi isang anyo ng depensang mekanismo. Isa itong preserbasyon ng ating pag-iral, hindi sa sentidong biolohikal, kundi sa sentidong pangkalinangan. Sa ganang ito, ang patuloy na pagkatuto ay kontra-tesis pa nga sa pandemya.

At ano pa ang mas epektibong kasangkapan ng pagpapasa ng alaala sa susunod na henerasyon kaysa sa mga aklat? Ang pagbasa at pagsulat ng aklat ang siyang tagapag-ugnay ng kasalukuyan kapwa sa nakaraan at hinaharap. Kung paanong inaalala ng kasalukuyan ang nakaraan sa pamamagitan ng pagbasa sa mga aklat na inilimbag ng ating mga ninuno, ang pagsulat naman ng mga aklat sa kasalukuyan ang paraan upang maipasa ang ating alaala sa mga susunod sa atin. Mga aklat ang nagsisilbing imbakan ng kaalaman ng bawat lipunan, na ipinapasa sa sumunod na mga henerasyon. Sa aspektong teoretikal, naging posible lamang ang paglago ng bawat akademikong disiplina dahil sa paglilimbag ng mga aklat. Sa aspektong praktikal, mga aklat din ang responsable sa pag-unlad ng uri ng ating pang-araw-araw na pamumuhay (yamang bawat teknolohikal na pag-unlad ay nakasandal sa sandamakmak na mga pananaliksik na naipepreserba ng mga aklat).

Liban sa pandaigdigan at panlipunang pag-unlad, instrumental ang aklat sa paglagong personal. Ani nga ni Adler at Doren sa *How to Read a Book,* mga magagandang aklat ang mahusay na guro na makapagtuturo sa atin upang higit na maunawaan ang ating mga sarili at ang ating daigdig.[4] Lubos na nakapagpapalawig ng pananaw ang pagbabasa. Ang isang taong mahilig magbasa ay tila isang manlalakbay na nabuhay sa iba't ibang panahon at nakapaglakbay sa samu't saring lugar. Hindi nakakahon ang kanyang perspektiba sa kanyang kinagisnang panahon at lipunan. Siya'y

[4] Mortimer J. Adler at Charles Van Doren, *How to Read a Book,* Revised and Updated Edition (New York: Simon & Schuster, Inc., 1972), 340-341.

nakatuntong sa balikat ng maraming manunulat na nagbuhat sa magkakaibang panahon, bansa, uring panlipunan, kasarian, at kalinangan. Nagiging bahagi ng kanyang kamalayan at pagkatao ang kanilang mga karanasan at kaalamang ibinabahagi sa pamamagitan ng pagsulat.

Mainam na sipiin muli ang ideya ni Lewis upang ilarawan ang puntong ito. Ginamit niya ang mapa bilang ilustrasyon upang ipakita ang kahalagahan ng pagkatuto mula sa karanasan at kaalaman ng ibang tao. Malaking bagay ang sariling perspektiba. Aniya, mula sa pampang ay malilibang ang isang Europeo sa pagtanaw sa karagatang Atlantiko. Ngunit hindi sapat ang sariling mga mata kung nais niyang malaman ang direksyon patungong Amerika. Kailangan niya ng mapa na makapagtuturo sa kanya kung paano tumungo sa kabilang kontinente. Ang mapa ay nalikha mula sa pinagsama-samang karanasan ng napakaraming mga manlalayag na nakapunta at nakatanaw sa samu't saring mga lugar sa daigdig. Hanggat kuntento pa ang isang tao na manatili sa kanyang lokasyon, sapat na ang kanyang mga mata. Ngunit kakailangan niya ng mapa upang makatungo sa malalayong lugar.[5]

Totoo rin ito sa kaso ng ating personal na paglalayag sa karagatan ng buhay. Hindi sapat ang ating sariling mga karanasan; kailangan nating sumalok ng karunungan mula sa karanasan ng iba't ibang mga tao. At isang paraan ng pagsalok mula sa karanasan ng ibang tao ay sa pamamagitan ng pagbasa sa kanilang mga aklat.

Kung tutuusin, ang pagkakwarantina ng mga tao sa loob ng kani-kanilang tahanan sa gitna ng pandemya ay nagbigay ng pagkakataon sa mga tao upang malayang maisagawa ang pagsalok na ito. Sa unang pagkakataon sa buong kasaysayan ng sangkatauhan, naging posible ang pag-aaral at paghahanapbuhay ng malaking porsyento ng pandaigdigang populasyon habang nananatili sila sa kanilang mga bahay. Naging bahagi na ng bokabularyo ng mga tao ang *virtual class* at *work from home.* Sa kabila ng samu't saring pagsubok na dala ng ganitong eksena, ang pagkakakulong sa tahanan ay nagbigay ng karagdagang oras sa mga tao. Nagsilitawan ang mga produktibong libangan tulad ng pag-eehersisyo, paglikha ng sining,

[5] C.S. Lewis, *Mere Christianity* (New York: HarperSanFrancisco, 2001), 153-154.

pagtatanim ng halaman (pagiging ‘plantito’ at ‘plantita’), pagsubok na magluto ng magkakaibang putahe, at marami pang iba. Ang pagbabasa ng mga aklat ay napabilang din sa listahan ng mga produktibong libangang ito.

Bilang pagtatatwa, hindi ito pagroromantisa sa pandemya. Anuman ang adbentaheng dulot ng pagkakwarantina, nananatili ang katotohanang sumampa na sa milyon ang mga namatay, napakaraming nawalan ng trabaho, bumulusok ang presyo ng mga bilihin sa merkado, at hindi iilang pangarap at mga plano ang naantala. Dagdag pa rito, ang mga libangang nabanggit sa itaas ay kadalasang mga pribilehiyong panggitnang uri. Maging ang birtud ng pagbabasa ay isang gitnang uring pagliliwaliw, isang libangang hindi madalas na tinatamasa ng mga manggagawang abala araw-araw sa pag-iisip ng maihahain sa hapag para sa kanilang pamilya.

Ngunit ani nga ni Slavoj Zizek, sa gitna ng pagkilala sa nakapanlulumong epekto ng pandemya, hindi dapat tayo mag-atubiling tukuyin ang mga positibong bitbit nito. Para sa kanya, isa sa mga positibong dulot nito ay ang pagpapamulat sa atin sa kahalagahan ng pandaigdigang pagkakaisa laban sa kapitalismo – sa isang sistemang mas nagpapahalaga pa rin sa pagpapalago ng puhunan ng multinasyunal na mga korporasyon sa gitna ng matinding pagdarahop ng napakaraming mga tao dahil sa pandemya.[6]

Samakatuwid, hindi romantisasyon ang pagkilala sa katotohanang ang kwarantina ay nagbigay ng pagkakataon sa atin na sumalok sa karanasan ng iba’t ibang tao sa pamamagitan ng pagbabasa. Sa gitna ng nakababagot na pagkakakulong sa tahanan, natagpuan ng ilan ang pagbabasa bilang isang nakawiwili, nakapagpapalago, at mabungang gawain.

Ang aklat na ito ay naipanganak dahil sa pagkatuklas sa produktibong gawain ng pagbabasa, sa gitna ng kwarantinang bitbit ng pandemya. Koleksyon ito ng mga rebyu sa 19 na aklat na aking naisulat sa kasagsagan ng pananalanta ng COVID-19.

---

[6] Slavoj Zizek, *Pandemic! Covid-19 Shakes the World* (New York: OR Books, 2020), 34, 45.

Bago pa man ang pandemya, nakagawian ko nang magsulat ng rebyu sa bawat aklat na aking binabasa, dulot ng dalawang kadahilanan. Una ay isa itong personal na pagtatasa kung naunawaan ko ba talaga ang aklat. Tulad ng madalas sabihin ng mga dalubhasa sa edukasyon, isa sa mga paraan upang malaman ng isang tao kung gaano niya naintindihan ang isang babasahin ay sa pamamagitan ng pagbubuod dito (isang aktibidad na ipinapagawa ko sa aking mga mag-aaral sa tuwing binibigyan ko sila ng mga kailangan nilang basahin). Ikalawa, naisip kong ang paggawa ng rebyu ay makatutulong sa akin sa hinaharap kapag biglang lumitaw ang pangangailangan na gumawa ng mga pananaliksik na may kaugnayan sa mga aklat na ito. Kalaunan, napagpasyahan kong tipunin ang mga rebyung ito, dahil na rin sa payo ng kaibigang si Axle Christien Tugano.

Subalit sa panahon lamang ng pandemya lumitaw ang oportunidad na malayang makapagbasa nang tuloy-tuloy. Tulad ng alam ng lahat ng guro, gumugugol ng napakaraming oras ang pagtuturo – mula pa lamang sa paghahanda ng mga lektura at aktuwal na pagtuturo sa loob ng silid-aralan, hanggang sa pagtsek sa mga ipinapasang aktibidad ng mga mag-aaral at masalimuot na paggawa ng grado (huwag nang banggitin pa ang mga pananagutang dumalo sa mga pagpupulong sa unibersidad at magpasa ng mga kinakailangang dokumento). Idagdag pa rito ang oras na kinokonsumo ng pagsuong sa depektibong pampublikong transportasyon ng Kalakhang Maynila. Pagsama-samahin ang lahat ng ito at kakaunti na lamang ang matitira sa guro sa pagbabasa at pagsusulat. Kung naisasagawa man ang dalawang ito ay kadalasang isinisiksik na lamang sa pagitan ng sandamakmak na kaabalahan.

Bagaman kumplikado at maraming suliraning nakalakip sa birtuwal na klase mula nang ideklara ang mandatoryong kwarantina, nagbigay ito ng karagdagang oras sa mga guro (lalo pa dahil malaki ang oras na natitipid sa hindi pagbyahe). Dulot nito, nagkaroon ako ng pagkakataong magsagawa ng araw-araw na pagbabasa – at pagsulat ng mga rebyu. Mula nang magsimula ang kwarantina noong Marso hanggang ngayong buwan ng pagkakasulat (Disyembre 2020), umabot ng 55 ang aklat na aking binasa at ginawan ng rebyu.

Tulad ng nakagawian ko bago pa man ang pandemya, bawat isa sa mga rebyu na ito ay aking ipinapaskil sa *Facebook*, bilang bahagi na rin ng adbokasiya na isulong sa pampublikong espasyo ang kultura ng pagbabasa. Noong medyo marami-rami na ang aking naipaskil, nakapukaw ito sa atensyon ni Zeus Salazar, na siyang nagtulak sa akin na mas painamin pa ang mga rebyu, tipunin sa isang manuskrito, at ilathala bilang isang ganap na aklat.

Sa kabuuang 55 na rebyu, pumili lamang ako ng 19 na maisasama sa aklat na ito, dahil sa tatlong bagay. Una, dahil sa tawag ng praktikalidad. Masyadong marami ang aabuting pahina ng isang aklat na maglalaman ng 55 na rebyu, bagay na labis na magpapataas sa salaping gugugulin sa paglilimbag, na magdudulot naman ng mataas na karagdagan sa presyo ng aklat. Ikalawa, hindi lahat ng mga rebyung iyon ay kalatha-lathala. Habang isinusulat ko ang marami sa 55 rebyu, wala sa aking hinagap ang posibilidad ng publikasyon. Ikatlo, ang bilang na ito ay sakto sa numerong nakakabit sa pangalan ng pandemya – COVID-19 (na benepisyal sa aspektong estetikal ng pamagat).

Nakapangkat ang 19 panunuring-aklat sa ilalim ng tatlong larangan, na kumakatawan din sa tatlong pangunahing bahagi ng aklat na ito – agham panlipunan, teolohiya, at panitikan. Hindi ko sinasadyang ikahon ang aking pagbabasa sa tatlong larangang ito, nagkataon lamang na sa panahon ng kwarantina ay sa mga ganitong uri ng aklat napukaw ang aking atensyon. Pitong rebyu ang nakapailalim sa agham panlipunan, anim sa teolohiya, at anim din sa panitikan.

Ang kauna-unahang rebyu sa ilalim ng agham panlipunan ay ang bagong akda ni Wensley Reyes na *"ABAKADA" ng Kasaysayang Pampook*. Nakasulat sa wikang Filipino, ito ay isang maiksing handbuk, na naglalayong maging preliminaryong gabay sa mga guro at mananaliksik na interesado sa pananaliksik ukol sa kasaysayang pampook. Tila isang diksyunaryo ng kasaysayang pampook ang akdang ito, na nakasalansan batay sa pagkakasunod-sunod ng ABAKADA. Ukol din sa kasaysayan ang ikalawang rebyu – ang *On History* ni Fernand Braudel. Isa itong klasikong akda na tumatalakay sa ilang pangunahing teoretikal at metodolohikal na katangian ng Annales, ang bantog na eskwela ng kaisipan sa

historiograpiyang Pranses. Nakatutok naman sa pandaigdigang lipunan at pulitika ang nilalaman ng isa ring bagong limbag na akda ni Slavoj Zizek. Ang *Pandemic! Covid-19 Shakes the World* ay naglalaman ng mga pagmuni-muni ng may-akda sa iba't ibang dimensyon ng panlipunang epekto ng pandemya, at kung ano na ang magiging direksyon ng komunismo sa harap nito. Samantala, ukol naman sa kasarian ang *Pukiusap* ni Liv Stromquist, na isinalin ni Beverly Siy sa Filipino. Binabagtas nito ang sari-saring karahasan sa ari ng kababaihan (pisikal man o simboliko) na isinagawa ng lipunan sa agos ng kasaysayan ng sangkatauhan.

Ang sumunod ay nakatuon sa *From Colonial to Liberation Psychology* ni Virgilio Enriquez. Ito ay nagsasalaysay sa pagsisimula at paglago ng Sikolohiyang Pilipino bilang isang proyektong akademiko, at sa adhikain nito na patuloy na magkaroon ng saysay sa isang lipunang lipos pa rin sa kaapihan at hindi pagkakapantay-pantay. Ikaanim ang rebyu sa *Alternative Discourses in Asian Social Sciences* ni Syed Alatas. Ito ay maituturing na dokumentasyon o pagmamapa ni Alatas sa mga alternatibong diskurso sa Ikatlong Daigdig (tulad ng indihenisasyon, dekolonisasyon, postkolonyalismo, nasyunalisasyon, atbp.), na naglalayong umalpas sa pananaig ng Eurosentrismo sa agham panlipunan. Ang huling rebyu sa ilalim ng agham panlipunan ay ukol sa *Pedagogy of the Oppressed* ni Paulo Freire. Isang klasikong teksto sa kritikal na pedagohiya, inilalatag nito ang isang uri ng edukasyong makapagpapalaya sa mga inaapi ng uring mapang-api.

Sa ikalawang bahagi ng aklat na patungkol sa teolohiya, ang unang rebyu ay nakatuon sa akda ni Stephen Bevans na *Models of Contextual Theology*. Tulad ng nakasaad sa titulo, inilatag ni Bevans ang samu't saring modelo ng mga akdang teolohikal na naglalayong ipook ang teolohiya sa partikular na mga panlipunan at pangkalinangang konteksto ng mga Kristiyano – *translation, anthropological, praxis, synthetic, transcendental,* at *countercultural model.* Maituturing na nasa modelong *praxis* ang ikalawang aklat na ginawan ng rebyu sa bahaging ito – ang *Transforming Society* ni Melba Padilla Maggay. Isa itong teolohikal na pagmumuni ng may-akda sa pagbabagong panlipunan. Naghain din si Maggay ng isang tipolohiya ng mga modelo na kumakatawan sa samu't saring dulog ng mga

Kristiyano sa katarungang panlipunan tulad ng *community, cultural consensus, power relations,* at *compassion model.* Mas nakakatig pa rin sa modelong *praxis* ang *Toward a Theology of People Power* na pinatnugutan ni Douglas Elwood. Layunin ng aklat na lumikha ng isang orihinal na Teolohiyang Pilipino na nakasandig sa kapangyarihan ng bayan, at ang tunguhin ay makapaghulma ng isang mas makatarungang lipunan.

Samantala, ang ikaapat na aklat na nirebyu sa bahaging ito ay maikakategorya sa *anthropological* at *synthetic model* ni Bevans. Ang *Adequate but not Enough* ni Jose de Mesa ay isang pagtatangka na maghain ng isang bagong teoretisasyon sa Banal na Santatlo gamit ang mga pangkalinangang dalumat ng mga Pilipino tulad ng pakiramdam, mukha, at loob. Patungkol pa rin sa pagpopook ng teolohiya ang ikalimang aklat – *This Complicated Task* ni Rodrigo Tano. Binubuo ng labingpitong sanaysay ni Tano, tumatalakay ito sa kontekstuwalisasyon sa lipunang Pilipino ng teolohiya, Kristiyanong edukasyon, pamumuno, at mga pamanang Ebanghelikal. Bagaman ukol pa rin sa kontekstuwal na teolohiya tulad ng limang nauna, ang ikaanim na aklat ay nakatuon sa pagpopook ng teolohiya sa isang banyagang kalinangan. Ang *Theology of the Pain of God* ni Kazoh Kitamori ay ang kauna-unahang pagtatangka na ipook ang teolohiya sa konteksto ng lipunang Hapon, gamit ang sentral na konsepto ng dalamhati (*pain*) na para sa may-akda ay may mataas na papel sa kamalayan ng mga Hapon.

Ang anim na akda na naging paksa ng panunuring-aklat sa "Ikatlong Bahagi: Panitikan" ay puro mga sosyo-pulitikal, pangkasaysayan at pangkalinangang nobela. Nangunguna sa mga ito ang *Gapo* ng Pambansang Alagad ng Sining na si Lualhati Bautista. Sumasalamin ang nobela sa mapaniil na ekstensyon ng kapangyarihan ng imperyalismong Amerikano sa Pilipinas sa pamamagitan ng kanilang mga base militar. Isinulat pa rin ni Bautista, ang ikalawang nobela na *Bata, Bata... Pano Ka Ginawa?* ay naglalarawan sa pinagtagping tema ng pagkababae at pagiging ina sa konteksto ng isang lipunang puno ng inhustisya.

Ang ikatlo at ikaapat na aklat naman ay bahagi ng "Rosales Saga" ng isa ring Pambansang Alagad ng Sining na si F. Sionil Jose. Ang *Tree* ay ukol sa anak ng isang panginoong maylupa na nabuhay sa panahon ng

Ikalawang Digmaang Pandaigdig at panahon matapos ang digmaang ito. Inilalarawan dito ni Jose ang pang-aaping dinaranas ng mga Pilipino sa ilalim ng isang sistemang piyudal. Ang *Mass* naman ay nakatutok sa panahon ng Batas Militar, at naglalatag ng malikhaing presentasyon sa mahalagang papel na ginagampanan ng mga kabataan sa pagbabagong panlipunan. Tulad ng *Tree* ni Jose, isang paglalantad din sa kabulukan ng sistemang piyudal ang ikalimang nobelang ginawan ng rebyu. Ang *Luha ng Buwaya* ni Amado Hernandez ay hindi lamang dayagnosis sa suliraning piyudal, inihahain din nito ang pagkakaisa ng mga uring inaapi bilang pangunahing lunas sa pang-aapi. Ang huling aklat ay isang etnograpikal na nobela. Sa pamamagitan ng isang kawili-wiling naratibo na batay sa protagonista-tagapagsalaysay na si Siglo, binuksan ng *Isang One Dalawang Zero* ni Romeo Peña sa mga mambabasa ang pangkalinangang mundo ng Bondoc Peninsula, Quezon.

Liban sa *ABAKADA* ni Reyes at *On History* ni Braudel, mapapansin na may dalawang pangunahing tema na nagbibigkis sa lahat ng aklat na nilapatan ng rebyu sa akdang ito – pagpopook sa kalinangan (pangkalinangang pagsusuri) at katarungang panlipunan (panlipunang pagsusuri). Sina de Mesa, Tano, at Elwood ay preokupado sa layuning gawing makabuluhan ang teolohiya sa konteksto ng kalinangang Pilipino. Nagnanasa sila na managumpay ang isang Teolohiyang Pilipino na malaya mula sa Kanluran. Bagaman banyaga at lagpas sa Pilipinas ang saklaw ng paksa nina Bevans at Kitamori, kapanalig sila nina de Mesa sa pagsusulong ng isang kontekstuwal na teolohiya na hindi nakagapos sa sistematikong teolohiya ng Euro-Amerikanong Kristiyanismo. Ang kanilang ipinaglalaban ay kahawig din ng pakikibaka ni Enriquez para naman sa Sikolohiyang Pilipino. Tulad sa kaso ng Teolohiyang Pilipino, ninanasa rin ng Sikolohiyang Pilipino ang ganap na pagpiglas mula sa kolonyal na pamana ng Kanluraning akademya. Ang preokupasyon nina de Mesa sa teolohiya at ni Enriquez sa sikolohiya ay siya namang kaabalahan ni Alatas, sa kanyang layuning isulong ang isang agham panlipunan sa Ikatlong Daigdig na may kasarinlan din mula sa Kanluran.

Sa kabilang banda, ang iba namang aklat ay puro nakatuon sa isyu ng katarungang panlipunan. Bagaman nagsusulong din sa pagpopook ng

teolohiya sa kalinangang Pilipino tulad nina de Mesa, ang bersyon ng Teolohiyang Pilipino ni Maggay ay may mas malinaw na pagtuon sa pagbabagong panlipunan. Ang ipinaglalaban ni Maggay sa Teolohiya ay siya ring ipinaglalaban nina Bautista at Jose sa panitikan. Sa pamamagitan ng kanilang mga sosyo-pulitikal na nobela, inilalantad nila ang malalim na pagkakaugat ng inhustisya sa lipunang Pilipino, na magkakatuwang na pinananatili ng imperyalismong Amerikano, lokal na oligarkiya, at pambansang pamahalaan. Sa kaso ni Bautista, liban pa sa tunggaliang pang-uri at panglahi, malinaw din sa kanyang mga nobela ang pakikibaka ng kababaihan para sa katarungang pangkasarian. Katarungang pangkasarian din ang siyang paksa ng salin ni Siy kay Stromquist, bagaman lagpas sa Pilipinas ang kasaklawan ng kanyang akda.

Marahil, ang aking tendensya na magbasa at gumawa ng rebyu sa ganitong uri ng mga akda sa nagdaang mga buwan ay sumasalamin sa aking lumalagong preokupasyon sa kahalagahan ng integrasyon sa pagitan ng pagpopook sa kalinangan (pangkalinangang pagsusuri) at katarungang panlipunan (panlipunang pagsusuri). Magmula sa aking ikatlong taon sa kolehiyo noong 2014 ay nag-umpisa na akong mahumaling sa pangkalinangang pagsusuri, nang umpisa kong matalisod ang mga akda ukol sa Pantayong Pananaw at Teolohiyang Pilipino. Ngunit ang mga pangyayari sa ilalim ng rehimeng Duterte mula 2016 – tulad ng Oplan Tokhang at militarisasyon ng mga unibersidad – ay unti-unting nakakumbinsi sa akin sa kahalagahan ng panlipunang pagsusuri.

Bagaman nananatili pa ring sentral sa aking kamalayan ang pangkalinangang pagsusuri, nagsimula akong magkaroon ng interes sa isyu ng katarungang panlipunan. Isa sa mahahalagang ikutang pangyayari na nakapagpabago sa aking pananaw ukol dito ay nang mabasa ko ang akda ni de Mesa na *Why Theology is Never Far from Home*. Sa aklat na ito ay nanawagan si de Mesa sa pangangailangan na magkaroon ng integrasyon sa pagitan ng pangkalinangan at panlipunang pagsusuri sa Teolohiyang Pilipino. Aniya, sa halip na bigyang-diin ang salungatan ng dalawa, maaari nilang pakinabangan ang pagsusuri ng isa't isa. Magiging mabunga ang pangkalinangang pagsusuri kung magiging mas sensitibo ito sa mga nangyayari sa lipunan, at magiging mabunga rin ang panlipunang pagsusuri

kung matututo itong makinig sa pananaw-pandaigdig ng mga taong kanilang pinag-aaralan.[7]

Sinundan ito ng pagbasa sa obra ni Freire, na lalo pang nakapagpamulat sa akin sa reyalidad ng panlipunang pang-aapi. Kalaunan ay natalisod ko ang *From Colonial to Liberation Psychology* ni Enriquez, kung saan inilarawan niya ang isang sikolohiyang malaya at mapagpalaya – isang sikolohiyang malaya mula sa pagkakagapos sa Kanluran at mapagpalaya sa lipunang Pilipino sa patuloy nitong pakikihamok sa isang mapang-aping sistema. Unang beses kong tinangkang magsagawa ng paglalapat ng pangkalinangang pagsusuri sa paksa ng katarungang panlipunan nang isulat ko ang sanaysay na *Ginhawa, Hanapbuhay, Himagsikan: Tungo sa Isang Pilipinong Pagdadalumat ng Katarungang Panlipunan/Katuwirang Bayan.*[8]

Nagkaroon muli ako ng pagkakataong higit na pagnilayan ang paksa nang paanyayahan ako ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas na magbigay ng isang panayam na may kaugnayan sa Kristiyanismo sa Pilipinas. Bilang pagsunod sa panawagan ni de Mesa at gamit ang balangkas ni Enriquez, pinagnilayan ko sa pagkakataong ito ang magkasabay na pag-unlad ng Teolohiyang Malaya (na may diin sa kalinangan) at Teolohiyang Mapagpalaya (na may diin sa lipunan) sa Pilipinas, at ang pangangailangan na magkaroon ang dalawa ng integrasyon sa kasalukuyan. Samakatuwid, ang aklat na ito na naglalaman ng mga rebyu ukol sa pagpopook sa kalinangan at katarungang panlipunan ay pagpapatuloy lamang sa preokupasyong ito.

Ang pagkakasulat ng 19 rebyu ay mayroong magkakatulad na padron. Halos lahat ay nagsisimula sa isang maiksing pagpapakilala sa akda at sa pangunahing paksang nilalaman nito. Sinusundan ito ng medyo mahabang pagbubuod sa akda (minsan ay pagbubuod sa bawat kabanata at minsan naman ay isang diretsong pagbubuod na sa kabuuan). Kadalasang

[7] Jose M. de Mesa, *Why Theology is Never Far From Home* (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2003), 28.

[8] Mark Joseph P. Santos, "Ginhawa, Hanapbuhay, Himagsikan: Tungo sa Isang Pilipinong Pagdadalumat ng Katarungang Panlipunan/ Katuwirang Bayan," *TALA* Volume 3, No. 1 (June 2020): 58-79.

ang sumunod dito ay isang pagsusuri sa pangunahing mga tema at mensahe ng aklat, o kaya'y pagtatala sa kalakasan at kontribusyon ng akda sa larangan. Nagtatapos ang bawat rebyu sa ilang maiiksing pangungusap ukol sa saysay ng akda.

Mapapansin ng mga mambabasa na deskriptibo at hindi kritikal ang uri ng mga panunuring-aklat na kabilang sa akdang ito. Tulad ng nabanggit na, noong isinusulat ko ang mga ito ay wala sa aking isip ang paglalathala, at personal ang aking dahilan sa pagsulat ng rebyu – upang matasa ang aking pagkaunawa sa aklat at para may mababalikan ako kung sakaling kailanganin ko ang mga ideyang nasa aklat. Kung ang layunin ko noon sa pagsulat ng mga panunuring-aklat na ito ay para sa publikasyon sa mga akademikong dyornal, marahil ay mas magiging kritikal kaysa deskriptibo ang mga ito. Ibig sabihin, hindi dapat umasa ang mga mambabasa sa isang uri ng kritikal na diskurso sa mga pahina ng aklat na ito, o isang uri ng teoretikal na pakikipagtalastasan sa mga akdang nirerebyu.

Mas mapagpakumbaba ang layunin ng aklat. Nilalayon lamang nitong ipakilala ang mga akda, magbigay ng mga tala ukol sa nilalaman nito, at tasahin ang saysay ng mga ito. Ito ang dahilan kung bakit hindi ko inaasahan ang mga mambabasa na diretsong basahin ang buong nilalaman ng aklat na ito. Mas ideyal ang aklat na ito para sa mga mag-aaral sa antas ng di-gradwado at masteradong programa na biglaang kinailangan ng mabilisang buod o gabay ukol sa isang akdang naiatas sa kanilang iulat sa klase o gawan ng panunuring-aklat, akdang nagkataong kasama pala sa 19 rebyu na narito. Magagamit din ito ng mga mananaliksik na nagsusulat ukol sa isang paksa na may kaugnayan sa anumang aklat na kabilang dito. Mapapakinabangan din ito maging ng mga taong nagawa nang basahin ang anuman sa 19 na aklat na narito, na sa katagalan ng panahong lumipas mula nang mabasa nila ito ay nakaligtaan na nila ang ilang bahagi ng aklat, at biglang kinailangan nilang maalala ang mga pangunahing nilalaman nito. Ang mga taong kababasa pa lamang ang isang akdang narito, at kailangan ng dagdag na opinyon ng ibang tao ukol sa aklat ay maaari ring kumonsulta sa rebyu rito. Ngunit bukas din naman ang aklat para sa mangilan-ngilang indibiduwal na magkakaroon ng panahon na basahin ang buong aklat na

ito, at magiging interesado sa kaisipan ng lahat ng may-akdang kabilang sa 19 na aklat.

Sa abot-kaya ng aking kaalaman, ang akdang ito ang kauna-unahang limbag na akda sa wikang Filipino na kalipunan ng mga panunuring-aklat. Kauna-unawa ito dahil sa katotohanang ang mga panunuring-aklat ay kadalasang ipinapadala sa mga akademikong dyornal upang sabay na mailathala kasama ng mga artikulo. Ang saysay ng aklat ay wala sa pagiging kauna-unahang limbag na kalipunan ng mga panunuring-aklat. Ang saysay nito ay nasa pagiging kauna-unahang limbag na kalipunan ng mga panunuring-aklat **sa wikang Filipino.** Sa 19 aklat na nirebyu, pito lamang ang nakasulat sa Filipino (kasama ang bilingguwal na akda ni de Mesa) samantalang labingdalawa ang nasa Ingles (lima rito ay isinulat ng mga banyaga). Ngunit lahat ng rebyu ay isinulat sa Filipino. Sa diwa ng Pantayong Pananaw, kahit ang mga akdang nasa wikang Ingles ay maaaring angkinin ng kalinangang bayan sa pamamagitan ng pagsasalin nito sa Filipino.[9] Sa isang banda, ang paggawa ng buod at rebyu sa Filipino ng labingdalawang akda na nasa wikang Ingles ay isang anyo ng "pagsasalin" (sa maluwag na pakahulugan nito), isang pagpapasok sa mga ito sa talastasang bayan.

Ang pagbibigay-diin na ito sa talastasang bayan ang dahilan kung bakit isinama sa aklat ang "Apendise I: Ehemplong Talastasan ukol sa Isang Paskil na Rebyu sa Facebook." Tulad ng nabanggit na, nakagawian ko ang pagpapaskil sa *Facebook* ng rebyu sa bawat aklat na aking natatapos basahin. May mga pagkakataon na ang mga rebyu na ito ay nagiging lunsaran ng ilang talastasan sa *social media* sa pagitan ng iba't ibang akademiko (partikular na mula sa nakababatang henerasyon). Isang halimbawa na nito ang talastasang naganap mula Abril 7 hanggang Abril 10, 2020 na nilahukan nina Salazar, Myfel Joseph Paluga, Ricky Ornopia, EJ Bolata, Jose Mario de Vega, Abet Umil, at Arlo Mendoza. Nagsimula ang talakayan dahil sa pagpaskil ng aking maiksing rebyu sa biograpiya ni Crispin Beltran, na isinulat ni Ina Alleco Silverio. Ang talastasang ito ang nilalaman ng Apendise I.

---

[9] Zeus Salazar, "Mula sa Patnugot," nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak,* patnugot, Salazar (Lunsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974), pah. ix-x.

Usapin ng pagmumulat bilang proyektong panlipunan sa Pilipinas ang naging pangunahing paksa ng talastasan. Napagnilayan dito ang pagkakaiba ng panloob na pagkamulat at panlabas na pagmumulat, ang pagsasagawa nito sa panahon ng rehimeng Duterte, ang kaugnayan nito sa balangkas pangkaisipan ng Pantayong Pananaw at Marxismo, at iba pa. Ngunit tulad ng anumang talastasan sa *social media,* makikitaan din ng pagsasanga-sanga ang talakayang naganap dito. Napadpad ito mula sa kaisipan ng ilang mga Kanluraning pilosoper (tulad nina Lacan, Sartre, Kant, at Hegel), sa suliranin ng proyekto nina Rizal at ng Kilusang Propaganda, hanggang sa halaga ng mga intelektuwal na biograpiya, at pagsasalaysay ni Salazar ukol sa kanyang karanasang akademiko sa Europa (isang pag-aawtobiograpiya na napakadalang na gawin ni Salazar sa kanyang mga lathalain).

Ngunit sa halip na kahinaan, maituturing pa ngang higit na pagpapayabong ng talastasang bayan ang mapagsangang tendensyang ito. Taliwas sa nakagisnang akademikong talastasan sa pamamagitan ng mga publikasyon, higit na malaya at bukas sa mas nakararami ang ganitong uri ng talastasan. Ito'y nasa diwa ng isinusulong ni Michael Charleston "Xiao" Chua na "kasaysayang pangmadla," isang uri ng pagsasakasaysayan sa wikang Filipino na nasa anyo ng mga popular na midyum tulad ng pelikula, dokumentaryo, diyaryo, museo, sining, *social media,* at iba pa. Sa kontekstong ito, ang nabanggit na pagsasanga ng mga paksa sa talakayan ay isang indikasyon pa nga ng malayang talastasan ng bayan.

Kailangang linawin na hindi ito pagsasantabi sa akademikong kasaysayan. Ang pagsunod sa mga kumbensyon ng akademikong kasaysayan – tulad ng masinop na pagsipi sa mga batis, masinsinang pagsunod sa metodolohiyang pangkasaysayan, at paglalathala sa mga akademikong dyornal – ay mahalaga tungo sa pagpapalago ng kasaysayan bilang isang akademikong disiplina. Ngunit kaalinsabay nito ay kailangan ding palaguin ang kasaysayang pangmadla.

Sa aking palagay, ang kakulangan ng pagpapalago sa kasaysayang pangmadla ang dahilan ng pagiging talamak ng mga mapanganib at rebisyunistang pagsasakasaysayan. Kamakailan ay naging popular sa

maraming kabataan ang pagtangkilik sa mga "*history vlogger*", mga personalidad sa *Youtube* at *social media* na gumagawa ng mga bidyo bilang pagtatanggol sa alaala ni Ferdinand Marcos at ng Batas Militar (isang uri ng rebisyong pangkasaysayan na nakakasangkapan ng kasalukuyang rehime[10]). Hindi ito nakapagtataka, yamang mas abot-kamay ng mga kabataan ang ganitong uri ng mga bidyo kaysa mga artikulo sa mga akademikong dyornal at mga aklat na isinulat ng mga dalubhasa sa kasaysayan at agham panlipunan.

Ito ang likas na mangyayari kapag hindi nakialam ang mga akademiko sa kasaysayan na nasa pampublikong espasyo. Maaasahan ang ganitong pangyayari hanggat kuntento na ang mga akademiko sa pagkukulong sa kanilang toreng garing habang sila-sila lamang ang nag-uusap sa kanilang munting sirkulo. Ang tanging lunas sa suliraning ito ay ang pagpanaog ng mga akademiko at pakikipag-usap sa bayan sa pamamagitan ng kasaysayang pangmadla. Sa kabila ng limitasyon ng *social media* – na ang mayorya pa rin ng populasyon ay mga gitnang uri – kahit papaano ay maaari itong maging tagapagpalawak ng talastasang lagpas sa silid-aralan at mga limbagan.

Samantala, inilakip din sa aklat na ito bilang "Apendise II" ang sanaysay ni Axle Christien Tugano na "Pagtatampok sa Akademikong Rebyu ng mga Aklat ng Saliksik E-Journal: Mga Daloy at Tunguhin sa Talastasang Pilipino", na espesyal niyang isinulat para sa publikasyong ito. Binaybay niya rito ang mangilan-ngilang akademikong dyornal sa Pilipinas na naglalathala ng mga panunuring-aklat sa wikang Filipino tulad ng *Malay Journal, Dalumat E-Journal, Tala Kasaysayan*, at *Katipunan*. Ngunit nagbigay siya ng natatanging pagtuon sa *Saliksik E-Journal,* ang opisyal na akademikong dyornal ng Bagong Kasaysayan. Ipinakita niya rito ang pagpapakilala ng *Saliksik E-Journal* sa isang panibagong uri ng pagsusulat ng panunuring-aklat na lagpas sa mga tipikal na kumbensyong ipinapataw ng ibang dyornal sa pagsulat ng *book review.* Isa sa pinakamahalagang bahagi ng kanyang sanaysay ang pagbuo ng tipolohiya ng mga panunuring-

[10] Para sa paksang ito ng pagkasangkapan ni Duterte sa alaala ng Batas Militar, tingnan ang Cleve Kevin Robert V. Arguelles, "Duterte's Other War: The Battle for EDSA People Power's Memory," nasa *A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency,* patnugot, Nicole Curato, 263-282 (Quezon City: Bughaw, 2017).

aklat batay sa wika, gamit ang "Salazariano" na kategorisasyong pangkayo, pangkami, pansila, at pantayo. Sa pamamagitan nito ay naipamalas niya kung gaano pa rin kasalat sa kasalukuyan ang publikasyon ng mga aklat na nirerebyu na nasa wikang pambansa – isang katotohanang humahamon sa atin upang lalo pang magsumikap na magsulat ng mga aklat at ng mga rebyu gamit ang wikang Filipino.

Sa katapus-tapusan, aking minimithi na ang aklat na ito ay maging isang munting ambag, gaano man kaliit, isang patak ng tubig sa mala-dagat na pagsisikap ng mga akademiko na palaguin ang kapantasang Pilipino na nasa wikang pambansa, tungo sa higit na pagpapayabong ng talastasang bayan, sa gitna man ng isang pandemya.

**References**

Abadilla, A.G. *Pagkamulat ni Magdalena: Nobela*. Manila: De La Salle University Press, 1988.

Abinales, Patricio. “Benedict Anderson in the Philippines.” Nasa *Benedict Anderson, Imagined Communities*, Revised Edition. Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc., 2016.

Adler, Mortimer J., Charles Van Doren. *How to Read a Book*, Revised and Updated Edition. New York: Simon & Schuster, Inc., 1972.

Adriano, Fermin D. “Economic Legacy of the Marcos Dictatorship.” Nasa *Memory, Truth-telling, and the Pusuit of Justice: A Conference on the Legacies of the Marcos Dictatorship*, 175-179. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2001.

Alatas, Syed Farid. *Alternative Discourses in Asian Social Sciences: Responses to Eurocentrism*. New Delhi: Sage Publications, 2006.

Alindogan, Elizabeth S. “Ang Dalumat ng Lugar sa Panahon ng Pandemya: Isang Kritikal na Pagsusuri sa Imahen ng Lungsod at ng Probinsiya sa Konteksto ng mga Panitikang Ilokano at Cebuano.” *Katipunan* 6 (2020): 82-98. https://www.ejournals.ph/article.php?id=16080

Arguelles, Cleve Kevin Robert V. “Duterte’s Other War: The Battle for EDSA People Power’s Memory.” Nasa *A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte’s Early Presidency*, pat., Nicole Curato, 263-282. Quezon City: Bughaw, 2017.

Bastide, Roger. *The African Religions of Brazil: Toward a Sociology of the Interpenetration of Civilizations*. Maryland: John Hopkins University Press, 2007.

Bautista, Lualhati. *Gapo (at isang Pilipino, sa mundo ng mga Amerikanong kulay brown)*. Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc., 2018.

Bautista, Lualhati. *Bata, Bata… Pano Ka Ginawa?* Mandaluyong City: Anvil Publishing, Inc., 2018.

Bevans, Stephen B. *Models of Contextual Theology*. Manila: Logos Publications, Inc., 2003.

Bloch, Marc. *Feudal Society*. United Kingdom: Routledge, 2014.

Bolata, Emmanuel Jayson V. “Ceres S.C. Alabado and the Formative Years of Philippine Children’s Literature, 1960-1988”. *LIKHAAN: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 12 (2018): 361-383. https://www.researchgate.net/publication/330501219_Ceres_S_C_Alabado_and_the_Formative_Years_of_Philippine_Children's_Literature_1960-1988

Bolata, Emmanuel Jayson V. *Hindi Lang Basta Bata: Mga Pananaliksik at Panunuri sa Kasaysayan at Panitikang Pambanta*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman, 2020.

Bramble, Ben. *Pandemic Ethics: 8 Big Questions of Covid-19*. Sydney: Bartleby Books, 2020.

Braudel, Fernand. *On History*, salin ni Sarah Matthews. Chicago: The University of Chicago Press, 1982.

Brown, Norman O. *Life Against Death: The Psychoanalytical Meaning of History*. Middletown, Connecticut: Wesleyan University Press, 1970.

Brueggemann, Walter. *Virus as a Summons to Faith: Biblical Reflections in a Time of Loss, Grief, and Uncertainty*. Oregon: Cascade Books, 2020.

Buckby, Jack. *Extremist Opportunism in the Covid Economy: How Extremists are Using the Covid Economy as a Recruiting Tool and a Springboard for Radical Ideas*. Canada: Frontier Centre for Public Policy, 2020.

Castrillon, Fernando, Thomas Marchevsky, mga pat. *Coronavirus, Psychoanalysis and Philosophy: Conversations on Pandemics, Politics, and Society*. United Kingdom: Routledge, 2021.

Curaming, Rommel A. "Hegemonic Tool? Nationalism in Philippine History Textbooks, 1900–2000," *Philippine Studies* Vol. 65, No. 4 (2017): 417- 450.

De Guzman, Emmanuel S., Joselito D. Henson, Reginald D. Cruz, Dennis T. Gonzales. *Mga Kataga sa Teolohiyang Doktrinal*. Lungsod Quezon: Dalubhasaang Teolohiko ng Maryhill, 2001.

Del Rosario, Kate. *Isang Metro (Kwentong Pambata ukol sa Covid), guhit ni Dandin Espina*. Laguna: Department of Human and Family Development Studies, University of the Philippines Los Baños, 2020.

De Mesa, Jose M. *Why Theology is Never Far From Home*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2003.

De Mesa, Jose M. *Jose M. de Mesa: A Theological Reader*. Manila: De La Salle University Publishing House, 2016.

De Mesa, Jose M. *Adequate but not Enough: A Filipino Reflection on the Triune God; Sapat, Ngunit Kulang pa rin: Isang Kultural na Pagmumuni-muni sa Hiwaga ng Santatlo*. Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc., 2018.

De Mesa, Jose M., Estela P. Padilla, Levy L. Lanaria, Rebecca G. Cacho, Yuri D. Cipriano, George N. Capaque, Timoteo D. Gener. *Ang Maganda sa Teolohiya*. Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc., 2017.

Dimzon, Eliodora L., John E. Barrios, "Pinusong sa Panahon ng "Veerus": Ang Tula sa Internet Bilang Kontra-Pusong." *Katipunan* 6 (2020): 41-59. https://journals.ateneo.edu/index.php/katipunan/article/download/3400/3213

Elwood, Douglas, pat. *Toward a Theology of People Power: Reflections on the Philippine February Phenomenon*. Quezon City: New Day Publishers, 1988.

Enriquez, Virgilio G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2016.

Ferriols, Roque J. *Pambungad sa Metapisika*. Quezon City: BlueBooks, 2014.

Freire, Paulo. *Pedagogy of the Oppressed*, salin ni Myra Bergman Ramos. New York: Continuum Publishing Corporation, 1982.

Guillermo, Ramon. *Translation & Revolution: A Study of Jose Rizal's Guillermo Tell*. Hawaii: University of Hawaii Press, 2009.

Guillermo, Ramon. *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2009.

Guillermo, Ramon. *Ang Makina ni Mang Turing*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2013.

Guillermo, Ramon. "Ang Dalawang Piging ng Kapitalistang Modernidad." Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, mga pat., Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel, Vicente C. Villan, 182-225. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2015.

Guillermo, Ramon. "Revolusi! Rebolusyon!: A Filipino Revisiting of Benedict Anderson's 'The Languages of Indonesian Politics.'" *Southeast Asia Research Centre, Working Paper Series* No. 191, 2016.

Hernandez, Amado V. "Panata ng Isang Lider." *Liwayway* (1960).

Hernandez, Amado V. *Luha ng Buwaya*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1974.

Howard, Dylan, Dominic Utton. *Covid-19: The Greatest Cover-Up in History – From Wuhan to White House*. New York: Skyhorse, 2020.

Hunt, Robert A. *The Gospel among the Nations: A Documentary History of Inculturation, American Society of Missiology Series*, No. 46. New York: Orbis Books, 2010.

Ileto, Reynaldo Clemeña. *Knowledge and Pacification: On the U.S. Conquest and the Writing of Philippine History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.

Jose, F. Sionil. *My Brother, My Executioner*. Ermita: Solidaridad Publishing House, 1988.

Jose, F. Sionil. *Tree*. Ermita, Manila: Solidaridad Publishing House, 1978.

Jose, F. Sionil. *Mass*. Manila: Solidaridad Publishing House, 1983.

Katoppo, Marianne. *Masuyo at Malaya: Teolohiya ng Babaeng Asyano*, salin ni Lualhati Bautista. Manila: Solidarity Foundation, Inc., 1991.

Kitamori, Kazoh. *Theology of the Pain of God*, 5th Revised Edition. Richmond, Virginia: John Knox Press, 1958.

Lapiz, Ed. *Paano Maging Pilipinong Kristiano*. Makati City: Kaloob, 1997.

Lapiz, Ed. *Pagpapahiyang: Redeeming Culture and Indigenizing Christianity*. Makati: Kaloob, 2010.

Lennox, John L. *Where is God in a Coronavirus World?* United Kingdom: The Good Book Company, 2020.

Lewis, C.S. *Mere Christianity*. New York: Harper San Francisco, 2001.

Lewis, C.S. "Learning in War-Time." Bradley G. Green. https://bradleyggreen.com/attachments/Lewis.Learning%20in%20War-Time.pdf.

Llanes, Ferdinand C. "Sa Indayog ng Kilusang Paggawa: Hugpungan ng Pagkilos ni Bert Olalia: 1917-1983." MA Tesis sa Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Quezon City, 1992.

Lumbera, Bienvenido. "Film Under the Marcos Dictatorship." Nasa *Memory, Truth-telling, and the Pusuit of Justice: A Conference on the Legacies of the Marcos Dictatorship*, 227-230. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2001.

Maggay, Melba Padilla. *Transforming Society: Reflections on the Kingdom and Politics*. Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2004.

Mercado, Leonardo, *Elements of Filipino Theology*. Tacloban: Divine Word University Publications, 1975.

Mercado, Leonardo, pat. *Filipino Religious Psychology*. Tacloban City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino at Divine Word University, 1977.

Navarro, Atoy M., Ma. Florina Orillos-Juan. mga pat. *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, at Pagtuturo*. Quezon City: UP Lipunang Pangkasaysayan, 2012.

Ocampo, Nilo S. *Katutubo, Muslim, Kristyano: Palawan, 1621-1901*. Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1985.

Paz, Victor. "Mula kay Kapitan Kulas, Patungo kay Ka Dodo: Isang Pagaaral sa Pagsulong ng Tradisyon ng Armadong Pakikibaka, 1930-1936." MA Tesis sa Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Quezon City, 1994.

Peña, Romeo Palustre. *Isang One Dalawang Zero: Isang Nobela*. Pasay: Visprint, Inc., 2018.

Piper, John. *Coronavirus and Christ*. Wheaton, Illinois: Crossway, 2020

Pope Francis, *Christ in the Storm: An Extraordinary Blessing for a Suffering World*. Indiana: Ave Maria Press, 2020.

Reyes, Jun Cruz. *Ka Amado*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2012.

Reyes, Wensley M. *"ABAKADA" ng Kasaysayang Pampook: Kartilya sa Pananaliksik at Pagsusulat ng Kasaysayan ng Bayan*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan, 2020.

Salazar, Zeus A. "Mula sa Patnugot." Nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*, pat., Zeus A. Salazar. Lunsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974.

Salazar, Zeus A. Ang 'Real' ni Bonifacio bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 1997.

Salazar, Zeus A *Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 1998.

Santos, Mark Joseph P. pat. *Martes sa Escaler II: Pilosopiya ng Kasaysayan; Talakayan ng mga Mag-aaral sa PUP; Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar*. Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 2019.

Santos, Mark Joseph P. "Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakasaysayan, 1951-2019." *TALA* 2, No. 2 (December 2019): 46-92. https://www.researchgate.net/publication/349007709_Ang_Paglago_ng_Pantayong_Pananaw_sa_Konteksto_ng_Kapantasan_ni_Zeus_A_Salazar_Isang_Maikling_Pagsasakasaysayan_1951-2019

Santos, Mark Joseph P. "Ginhawa, Hanapbuhay, Himagsikan: Tungo sa Isang Pilipinong Pagdadalumat ng Katarungang Panlipunan/ Katuwirang Bayan." *TALA* Volume 3, No. 1 (June 2020): 58-79. https://www.researchgate.net/publication/349007611_Ginhawa_Hanapbuhay_Himagsikan_Tungo_sa_Isang_Pilipinong_Pagdadalumat_ng_Katarungang_Panlipunan_Katuwirang_Bayan

Santos, Mark Joseph P. "Sarili, Kapwa, Iba: Ang Trikotomiya ni Zeus Salazar sa Pagpopook ng Kakanyahang Pilipino sa Kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano." *TALA* Vol. 3, No.2 (December 2020): 1-30. https://www.researchgate.net/publication/349008015_Sarili_Kapwa_Iba_Ang_Trikotomiya_ni_Zeus_Salazar_sa_Pagpopook_ng_Kakanyahang_Pilipino_sa_Kabihasnang_Pan-Malayo_at_Austronesyano

Santos, Mark Joseph and Axle Christien Tugano, *Martes sa Escaler; Klase sa Historiograpiya ni Zeus Salazar*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019. https://www.researchgate.net/publication/348943953_Martes_sa_Escaler_Klase_sa_Historiograpiya_ni_Dr_Zeus_Salazar

Sartre, Jean-Paul. *Genet: Actor and Martyr*. Salin ni Bernard Frechtman. Minneapolis: University of Minnesota Press, 2012.

Siegel, Marc. *Covid: The Politics of Fear and the Power of Science*. Nashville: Turner, 2020.

Silverio, Ina Alleco R. *Ka Bel: The Life and Struggle of Crispin Beltran*. Quezon City: Southern Voices Printing Press, 2010.

Stromquist, Liv. *Pukiusap*, salin ni Beverly W. Siy. Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2014.

Tan, Allen. "Values Research in the Philippines." *Philippine Studies* Vol. 45, No. 4 (1997): 560-569.

Tano, Rodrigo D. *Theology in the Philippine Setting: A Case Study in the Contextualization of Theology*. Quezon City: New Day Publishers, 1981.

Tano, Rodrigo D. *This Complicated and Risky Task: Selected Essays on Doing Contextual Theology from a Filipino Evangelical Perspective*, pat., Romel Regalado Bagares. Quezon City: Alliance Graduate School, 2006.

Torres-D'Mello, Arlene. *Brown Outside, White Inside: A Study of Identity Development among Children of Filipino Immigrants in Australia*. Quezon City: Giraffe Books, 2003.

Tuchman, Barbara W. "The Book." *Bulletin of the American Academy of Arts and Sciences*, Vol. 34, No. 2 (November 1980): 16-32.

Tugano, Axle Christien. "Sakit ng Loob, Sakit ng Labas: Pagtutumbas sa mga Neolohismong Umusbong sa Kontemporanidad ng COVID-19 Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan ng Ketong sa Patolohiyang Pilipino." *Katipunan Journal* 6 (2020): pp. 132-181. https://www.researchgate.net/publication/348870402_Sakit_ng_Loob_Sakit_ng_Labas_Pagtutumbas_sa_mga_Neolohismong_Umusbong_sa_Kontemporanidad_ng_COVID-19_Tungo_sa_Pag-unawa_ng_Kasaysayan_ng_Ketong_sa_Patolohiyang_Pilipino

Valle, Mark Lester. Walang Rape sa Bontok. GMA Network, Inc., 2014.

Veneracion, Jaime B. *Kasaysayan ng Bulakan*. Kolonya, Alemanya: BahaySaliksikan ng Kasaysayan, 1986.

Veric, Charlie Samuya. *Children of the Postcolony: Filipino Intellectuals and Decolonization, 1946-1972*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2020.

Wright, N.T. *God and the Pandemic: A Christian Reflection on the Coronavirus and Its Aftermath.* Michigan: Zondervan, 2020.

Zialcita, Fernando N. "Making an Identity out of Diversity: Horacio de la Costa's Interpretation of a Process." Nasa *Reading Horacio de la Costa, SJ: Views from the 21st Century,* pat., Soledad S. Reyes, 157- 186. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017.

Zizek, Slavoj. *Pandemic! Covid-19 Shakes the World*. New York: OR Books, 2020